



Genesis 37:1–11 *Jose at ang Kanyang mga Panaginip*

English (KJV)	Tagalog (Ang Salita ng Diyos)
1 And Jacob dwelt in the land wherein his father was a stranger, in the land of Canaan.	1 Nanirahan si Jacob sa lupain ng Canaan, kung saan nanirahan noon ang kanyang ama bilang dayuhan.
2 These are the generations of Jacob. Joseph, being seventeen years old, was feeding the flock with his brethren; and the lad was with the sons of Bilhah, and with the sons of Zilpah, his father's wives: and Joseph brought unto his father their evil report.	2 Ito ang kasaysayan ng sambahayan ni Jacob. Si Jose ay labimpitong taong gulang noon at nag-aalaga ng mga tupa kasama ng kanyang mga kapatid. Kasama niya ang mga anak nina Bilha at Zilpa, na mga asawa ng kanyang ama. Isinumbong ni Jose sa kanyang ama ang masamang ginagawa ng kanyang mga kapatid.
3 Now Israel loved Joseph more than all his children, because he was the son of his old age: and he made him a coat of many colours.	3 Mas mahal ni Israel si Jose kaysa sa lahat ng kanyang mga anak, sapagkat anak niya ito sa kanyang katandaan. Kaya ipinagawa niya si Jose ng isang kasuotang may maraming kulay.
4 And when his brethren saw that their father loved him more than all his brethren, they hated him, and could not speak peaceably unto him.	4 Nang makita ng kanyang mga kapatid na mas mahal siya ng kanilang ama kaysa sa kanila, kinapootan nila siya at hindi na sila makapagsalita nang maayos sa kanya.
5 And Joseph dreamed a dream, and he told it his brethren: and they hated him yet the more.	5 Nanaginip si Jose at ikinuwento niya ito sa kanyang mga kapatid, kaya lalo pa nilang kinapootan si Jose.
6 And he said unto them, Hear, I pray you, this dream which I have dreamed:	6 Sinabi niya sa kanila, "Makinig kayo sa panaginip na aking napanaginipan.
7 For, behold, we were binding sheaves in the field, and, lo, my sheaf arose, and also stood upright; and, behold, your sheaves stood round about, and made obeisance to my sheaf.	7 Nagbubuklod tayo noon ng mga bigkis ng trigo sa bukid. Biglang tumayo ang aking bigkis at ang inyong mga bigkis ay pumaligid at yumukod sa aking bigkis."
8 And his brethren said to him, Shalt thou indeed reign over us? or shalt thou indeed have dominion over us? And they hated him yet the more for his dreams, and for his words.	8 Sinabi ng kanyang mga kapatid, "Ikaw ba ang maghahari sa amin? Ikaw ba ang mamumuno sa amin?" Kaya lalo pa nilang kinapootan si Jose dahil sa kanyang mga panaginip at sa kanyang mga sinabi.
9 And he dreamed yet another dream, and told it his brethren, and said, Behold, I have dreamed a dream more; and, behold, the sun and the moon and the eleven stars made obeisance to me.	9 Nanaginip pa siyang muli at ikinuwento niya ito sa kanyang mga kapatid. Sinabi niya, "Nanaginip akong muli: ang araw, ang buwan, at ang labing-isang bituin ay yumukod sa akin."
10 And he told it to his father, and to his brethren: and his father rebuked him, and said unto him, What is this dream that thou hast dreamed? Shall I and thy mother and thy brethren indeed come to bow down ourselves to thee to the earth?	10 Nang ikuwento niya ito sa kanyang ama at sa kanyang mga kapatid, sinaway siya ng kanyang ama at sinabi, "Ano ang panaginip na ito? Kami ba ng iyong ina at ng iyong mga kapatid ay yuyukod sa iyo hanggang sa lupa?"
11 And his brethren envied him; but his father observed the saying.	11 Naiinggit sa kanya ang kanyang mga kapatid, ngunit pinag-isipan ito ng kanyang ama.